# MENSAHE SA PASKO

## ni Kirill, Patriarka ng Moscow at ng Buong Rus'

## Para sa mga Arsobispo, Pari, Monghe, at Lahat ng Matapat na Anak ng Simbahang Ortodokso ng Rus'

**Minamahal kong mga Kagalang-galang na Arsobispo, Mahal na mga Pari at Diyakono, Mga Mahal sa Diyos na Monghe at Madre, at Minamahal na mga Kapatid sa Pananampalataya!**

Sa pag-aalay ng papuri sa Diyos na tatlong persona at sa pagbabahagi ng kagalakan ng ating pagdiriwang, ako'y bumabati sa inyong lahat, mga anak ng Simbahang Ortodokso, na nasa Rusya at sa ibang mga bansa sa ilalim ng pangangalaga ng Patriarka ng Moscow. Isang taimtim na pagbati sa inyo sa dakilang kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ni Cristo – isang pagdiriwang ng pag-ibig ng Maylikha sa Kanyang nilikha, ang katuparan ng pangakong pagdating ng Anak ng Diyos, at isang kapistahan ng pag-asa para sa kaligtasan at buhay na walang hanggan.

"Isang dakila at kamangha-manghang himala ang naganap ngayon: ang Birhen ay nagsilang, na nanatiing birhen pagkatapos ng kapanganakan; ang Salita ay nagkatawang-tao, ngunit hindi humiwalay sa Ama. Ang mga anghel ay nagbigay ng papuri kasama ng mga pastol, at tayo'y umaawit din: Kaluwalhatian sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan" (mula sa himno ng kapistahan)..

Sa mga salitang ito, ipinahahayag ng Simbahang Ortodokso ang misteryong naganap mahigit dalawang libong taon na ang nakalipas sa isang yungib sa Bethlehem at nagbago sa buong kasaysayan ng mundo. Tayo nagpupugay na may pagkamangha at paggalang sa misteryong ito ng banal na plano ng Diyos para sa kaligtasan. Tinatanggap natin ng may pasasalamat ang sakripisyo ng Manlilikha at Tagapagbigay, na nagpasya ng ganito para sa atin at "ipinahahayag natin ang biyaya, ipinangangaral ang awa, at hindi itinatago ang Kanyang kabutihan" (panalangin ng dakilang agiasma).

Ano ang dapat gawin ng mga Kristiyano ng ika-21 siglo upang maging kabahagi ng mahalagang biyayang ito ng Diyos at maging karapat-dapat sa Kanyang Kaharian, na inihanda mula pa sa simula ng mundo (Mateo 25:34)?

Ang sagot ay ang tumugon sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagmamaha din. at lubos na pagtitiwala sa Kanya. Ipinapakita natin ito sa paniniwala at ganap na pagtitiwala sa Diyos, pagsunod sa mga utos ng Ebanghelyo, pag-iwas sa kasamaan at paggawa ng mabuti (Awit 34:15), at, alinsunod sa panawagan ng Tagapagligtas, pagiging ilaw ng sanlibutan at asin ng lupa (Mateo 5:13-14).

Bilang mga nilalang na pinagkalooban ng malayang kalooban at hindi maaalis na karapatan ng pagpili, ang bawat tao ay maaaring tanggapin si Cristo o tanggihan Siya, maging sa panig ng liwanag o malugmok sa kadiliman ng kasalanan, mamuhay ayon sa konsensya o sa mga bagay ng mundong ito (Colosas 2:8), lumikha ng paraiso sa kanyang puso sa pamamagitan ng mabubuting gawa o, sa kabaligtaran, maranasan ang paghihirap ng impiyerno dito sa lupa sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan. Sa madaling salita, ang bawat isa sa atin ay tinawag para sa kagalakan at ganap na buhay, para sa kaligayahan, na hindi maaaring makamtan kung wala ang Diyos. Siya ang bukal ng buhay at ng lahat ng kabutihan, Siya ang Manlilikha at Tagapag-alaga, Siya ang mapagmahal na Ama, ang ating maaasahang Tulong at Tagapagkaloob ng Pagsaklolo.

Sa pagkakaroon ng malayang kalooban, maaaring piliin ng tao ang buhay at makamtan ang pagiging kawangis ng Diyos, ngunit malaya rin siyang pumili ng isa pang landas—ang buhay na walang Diyos at walang biyaya na nagdudulot ng kapahamakan. Kaya't ang Panginoon, na lumalang sa atin, ay hindi tayo inililigtas nang wala ang ating pakikibahagi. Ang pagsasama ng mabuti at perpektong kalooban ng Diyos (Roma 12:2) sa kalooban ng tao, bagamat hindi perpekto ngunit naghahangad ng mabuti, ang susi sa ating matagumpay na paglalakbay sa mundong ito. Sa huli, ang walang hanggang kapalaran ng bawat tao ay nagpapatuloy mula sa espiritwal na kalagayan na kanyang ipinamalas sa kanyang buhay dito sa lupa.

Ating alalahanin ito at, ayon sa mga salita ng Apostol Pablo, magsikap na kamtin ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, awa, pananampalataya, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22-23) at iba pang mga kaloob ng Espiritu. Gawin natin ang lahat ng makakaya upang

manatiling mga Kristiyano hindi lamang sa pangalan kundi sa pamamagitan ng pamumuhay, sa ating relasyon sa mga mahal sa buhay, mga kasamahan, at sa bawat taong nangangailangan ng ating tulong, pakikibahagi, pagdamay, at suporta.

Sa lahat ng araw, lalo na sa napakalaking kapistahang ito, tayo’y inanyayahang taimtim na manalangin para sa kapayapaan ng mundo, para sa katatagan ng mga banal na Simbahan ng Diyos, para sa mga maysakit, nagdurusa, at bihag, at para sa kanilang kaligtasan. Ang kabuluhan ng mga panalanging ito ay napakahalaga sa ngayon, sapagkat ang mga puwersa ng kasamaan, na naghahangad ng alitan at pagkakahati, ay naglaban sa Ortodokso. Nagtatanim sila ng poot at galit, at ginagamit ang lahat ng paraan upang isakatuparan ang kanilang mga tusong plano. Ngunit naniniwala tayo at umaasa na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ang lahat ng kahinaan ng mga demonyo at ng kanilang mga kasamahan ay mapapahiya. Ito ang nangyari noon at mangyayari muli ngayon.Ang mahabang karanasan ng Simbahan ay nagpapatunay nito.

Nais kong ipahayag ang aking espesyal na pasasalamat sa lahat ng mga nagsasagawa ng kanilang pastoral na tungkulin sa mga hangganan ng Ukraine, na sa kabila ng panganib sa kanilang buhay at kalusugan, ay patuloy na nananatiling tapat sa kanonikal na Ortodokso, yaong walang takot na sumusunod sa landas ng pagiging tagapahayag ng pananampalataya, nagdurusa ng mga pag-uusig at kahirapan alang-alang kay Cristo at sa Simbahan. Nawa'y tulungan ng Panginoon ang mga matapang na tagapagtanggol at tagapagsulong ng Katotohanan sa panahon ng mga pagsubok at nawa'y ituring ang kanilang mga paghihirap bilang katuwiran.

Sa kabila ng lahat, tayo'y nagkakaisa. Nagkakaisa tayo, sapagkat tayo'y nagmula sa iisang binyagang font. Nagkakaisa tayo, sapagkat sama-sama nating isinasakatawan ang kabuuan ng Iisang, Banal, Katoliko, at Apostolikong Simbahan. Nagkakaisa tayo, sapagkat tayo'y pinagbubuklod ng hindi masisirang ugnayan ng pagmamahal kay Cristo. Nagkakaisa tayo, sapagkat hindi maikakaila ang mga salita ng Tagapagligtas na nagsabi: "Ako’y kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa katapusan ng panahon" (Mateo 28:20).

Kaya't wala tayong dapat katakutan, gaya ng paalala ng Apostol Pablo na nagsasabing: "Kung ang Diyos ay nasa ating panig, sino ang laban sa atin?" (Roma 8:31). Sa inspirasyon ng pangakong ito, tayo'y nabubuhay at nagtatayo,

nakikibaka at nagtatagumpay sa pangalan ng Panginoon. Sapagkat, ayon sa sinulat ng banal na Apostol Pedro, "walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na atingg ikaliligtas" (Mga Gawa 4:12). Walang iba noon, wala ngayon, at wala sa hinaharap—ito ang patuloy na patotoo ng Simbahan.

Mula sa pagparito ng Panginoon sa lupa hanggang sa kasalukuyan, ang lahat ng naniniwala sa Kanya ay binigyan ng pribilehiyo na maging mga anak ng Ama sa Langit. Sapagkat, ayon sa Apostol Pablo, tayo'y inampon na ng Diyos, hindi na mga estranghero (Efeso 2:19). Ang ibig sabihin nito, tayo'y Kanyang mga anak, at sa pamamagitan Niya at sa Kanya, tayo'y magkakapatid.

Sa mga pagsamba at mga banal na gawain ng Simbahan, na siyang lugar ng pagtatagpo ng tao at ng kanyang Lumikha, binubuksan sa atin ang tabing ng kawalang-hanggan at binibigyan tayo, dito pa lamang sa lupa, ng patikim ng ganap na buhay na darating. Sa pananalita ng Kasulatan, darating ang panahon na "ang Diyos ang magiging lahat sa lahat" (1 Corinto 15:28), at wala nang anumang makakapaghihiwalay sa atin mula sa pagmamahal ng Diyos (Roma 8:39), mula sa kagalakan ng pakikisama sa Kanya. "Pupunasan ng Diyos ang bawat luha mula sa kanilang mga mata, at mawawala na ang kamatayan, ni magkakaroon pa ng kalungkutan, pag-iyak, o sakit, sapagkat ang mga dating bagay ay lumipas na" (Pahayag 21:4).

Sa pagpapahayag ng mabuting balita ng pagdating ng Tagapagligtas sa mundo, tinatawag ng Simbahan, gaya ng isang mapagmahal na ina, ang lahat na manalig kay Cristo at mamuhay ayon sa Kanyang mga utos, upang maging mga tagapagmana ng walang hanggang kaligayahan. Tunay ngang ang Panginoon ay naparito sa lupa upang iahon tayo patungo sa langit.

Siya ay patuloy na nag-aanyaya sa lahat na maglakbay sa landas ng espiritwal at moral na pagbabago na nakakamtan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Ebanghelyo, kusang pakikibahagi ng tao at ng Diyos, at ang pagbuhos ng Kanyang biyaya sa mga Sakramento ng Simbahan.

At kung matututo tayong gabayan ang ating mga relasyon sa iba, ang ating mga pang-araw-araw na gawain at mga alalahanin, ayon sa mga kautusan ng Diyos, maraming magbabago hindi lamang sa ating mga sarili kundi maging sa ating paligid. Ang buhay ay magkakaroon ng tunay na kahulugan at mapupuno ng kagalakan at kaligayahan.

Kaya’t maging karapat-dapat tayo sa ating Kristiyanong pangalan at panawagan. Magpatuloy tayong maglakbay sa landas ng buhay na may matatag na pananampalataya at hindi matitinag na pag-asa sa tulong ng Diyos, nagagalak sa bawat bagong araw at bagong pagkakataon upang gumawa ng mabubuting gawa, mahalin ang ating kapwa, at laging magpasalamat sa Diyos sa lahat ng bagay (Efeso 5:20). Sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian, karangalan, at pagsamba magpakailanman. Amen.

Maligayang Pasko sa inyong lahat, aking mga mahal!

**+KIRILL**

**Patriarka ng Moscow at ng Buong Rus’**

**Pasko**

**2024/2025, Moscow**